


Health

Ikalawang Markahan – Modyul 6: Sex at Gender: Liyab ng Isang Adan, Eba at ng Iba pa



**Health – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan – Modyul 6: Sex at Gender: Liyab ng Isang Adan, Eba at ng Iba pa
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na nag handa ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Soledad Y. Badocdoc, Teodmhar P. Magno

Editors: Ryan E. Depalco, Marlito P. Malinao

Tagasuri: Jocelyn A. Mercadal, Niño G. Acebo

Tagaguhit: Roberto P. Yodico

Tagalapat: Teodmhar P. Magno, Paolo John D. Bretaña, Arielyn Mae A. Gudisan

Tagapamahala: Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Carmelino P. Bernadas
Rey F. Bulawan
Nicolas G. Baylan
Neil G. Alas
Imelda E. Gayda
Abelardo G. Campani

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Health

**Ikalawang Markahan – Modyul 6:
Sex at Gender: Liyab ng Isang
Adan, Eba at ng Iba pa**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang bawat tao ay may magkakaiba. Ang mga pagkakaibang ito ay maaring depende sa kinabibilangang pamayanan ng isang indibidwal base sa kultura, tradisyon at paniniwala ng naturang pamayanan. Ang mga ito ang nagdidikta kung ano ang mga dapat at hindi dapat gawin ng isang tao upang siya ay maging katanggap-tanggap sa mata ng lipunan. Ang mga ito rin ang humuhubog sa buong pagkatao ng isang indibidwal at ng kanyang pagkalalaki o pagka-babae.

Sa modyul na ito ikaw ay inaasahang;

1. Masasabi ang pagkakaiba ng sex at gender (**H5GD-1j-12**); at
2. Mailalahad ang mga salik na nakaiimpluwensya sa kasariang pagkakakilanlan (**gender identity**) (**HG5-Ij-13**).



Subukin

I.Panuto: Isulat sa iyong sagutang papel ang TAMA kung wasto ang kaisipan at MALI kung hindi.

- _____ 1. Ang sex ay naglalarawan sa katangian ng lalaki at babae na kung saan ang kultura, tradisyon at paniniwala ng isang lipunan ang humuhubog dito.
- _____ 2. Ayon sa mga eksperto, ang chromosomes at hormones ay mga biyolohikong salik na nakalilinaan ng isang *gender* o kasarian ng isang tao.
- _____ 3. Ayon sa pag-aaral ng mga dalubhasa, ang pamilya, mga sikat na personalidad at medya ay walang kinalaman sa pagkalinang ng pagkakakilanlang pangkasarian o *gender identity*.
- _____ 4. Ang *gender* o kasarian ay isang saykososyal at pangkulturang pagkakakilanlan ng isang tao.
- _____ 5. Ang dami ng hormones na nalilikha at inilalabas ng mga *glands* sa katawan ay isang biyolohikong usapin na nakaaapekto sa *gender* o kasarian.

II.Panuto: Kilalanin ang sumusunod na mga sitwasyon sa bawat bilang at tukuyin kung anong salik ang tinutukoy dito. Pumili ng sagot sa kahon. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

BIYOLOHIKO

SAYKOSOSYAL

KULTURAL

1. Pagkakaroon ng buhok sa mga binti.
2. Simula pagkabata niya, may mga laruang panlalaki na siya na binili ng kanyang ama.
3. Siya ay babae peru mahilig siyang mangolekta ng mga bola dahil sa kanyang idolo sa telebisyon.
4. Pinipilit niyang kumilos at umastang lalaki dahil hindi ito tanggap sa kinabibilangan niyang pangkat.
5. Maligayang maligaya siya kahit na siya ay bakla dahil hindi isyu sa kanilang asosasyon ang anu mang pagkakakilanlang pangkasarian o *gender identity*.

Aralin

6

Sex at Gender

Ang sex at gender ay mga pagkakakilanlan sa isang babae at lalaki sa iba't ibang pananaw. Ang sex ay isang biyolohiko at pisyolohikong katangian samantala ang gender o kasarian ay isang panlipunang pamantayan ng pagiging lalaki o babae.

Sa araling ito matutunan ng mga mag-aaral kung ano ba ang pagkakaiba ng sex sa gender o kasarian at ano ba ang mga salik na nakaiimpluwensya sa kasariang pagkakakilanlan.



Balikan

Panuto: Isulat sa sagutang papel kung DAPAT o 'DI DAPAT gawin ang sumusunod:

- _____ 1. Naliligo ako araw-araw at hinuhugasan ang aking buong katawan gamit ang sabon at tubig.
- _____ 2. Madalas hatanggabi na akong natutulog dahil sa kabababad sa mga gadgets.
- _____ 3. Umiinom ako ng walong basong tubig araw-araw.
- _____ 4. Kapag may nararamdamang hindi maganda sa katawan, nagtutungo ako sa doctor at pinakamalapit na health center.
- _____ 5. Dinaramdam ko ang labis na kalungkutan at nag-iisip ako ng mga negatibong bagay.



Mga Tala para sa Guro

Ang modyul na ito ay magsisilbing kagamitan ng mga mag-aaral para mapunan ang mga araling hindi masyadong nabigyang-diin sa pagtuturo o naproseso at para rin mapunan ang mga kasanayan sa araw na hindi nila nakuha.



Tuklasin



Tingnan ang larawan sa itaas.

Ang nasa kaliwa ay si Elsa, isang babae na mahilig magdamit lalaki at ang nasa kanan naman ay si Chad, isang lalaki na mahilig magdamit babae. Silang dalawa ay masisipag sa gawaing bahay. Matulungin sila sa kanilang mga magulang. Alam niyo ba na si Elsa ay sadyang malakas at sobrang liksi kahit na siya ay talagang babae, samantalang si Chad ay papinong kumilos. Walang isyu ang mga pamilya nila sa kanila dahil mga mababit at matulungin silang mga anak at kapatid.

Ikaw ba, tumutulong ka ba sa gawaing bahay? Mayroon ka bang kakilala na parehas sa kanila? Ano ba ang masasabi mo sa kanila?

Kung ano man ang nasa isip mo, dapat mong tandaan na ikaw o kahit na sino man ay dapat na magalang sa kahit na sino at kung ano pa man sila. Tayong lahat ay may sariling mga kuwento at mga pinanggalingan. Bawal ang manghugsa sa kahit na sino at ano pa man sila dahil lahat tayo ay pantay-pantay bilang tao.



Suriin

Isa sa pagkakakilanlan ng isang tao ay ayon sa kanyang *sex*. Ang *sex* ay naglalarawan sa biyolohiko at anatomikong katangian ng tao na nagiging basihan para tawagin siyang lalaki o babae (Erickson-Schroth, et. al. 2014). Ito ang nagbibigay sa mga magulang na bigyan ng pangalan ang anak na lalaki o babae ayon sa kagustuhan ng magulang.

Habang ang batang lalaki o babae ay lumalaki sa lipunang kanyang ginagalawan, maaaring magbago ang kayang paniniwala, pag-uugali, kilos o

desisyon hinggil sa kanyang pagkatao o kanyang nararamdaman na maaring iba sa kung ano ang kanyang sex. Sa ganitong sitwasyon, mailalarawan siya hindi na lamang batay sa sex kung hindi ay sa kasarian o *gender*. Ang *gender* ay isang sosyolohiko at pankulturang pagkakakilanlan ng isang tao batay sa inaasahang paniniwala, kilos, at ugali sa lipunan (myhealth.alberta.ca).

Narito ang pagkakaiba ng *sex* at *gender* ayon sa Kagawaran ng Kalusugan.

Sex	Gender
Ito ay tumutukoy sa pisikal na katangian ng katawan na makikita sa ari na siyang pagbabatayan sa pagkilala sa isang tao.	Ito ay nakikita sa pag-uugali at kilos ng isang lalaki o babae (<i>masculinity</i> at <i>femininity</i>).
Ito ay biyolohikong pagkakakilanlan na batay sa mga <i>genes</i> at <i>hormones</i> .	Ito ay natutunan at nahuhubog sa pamilya, edukasyon, medya o relihiyon (na siyang nangingibabaw) at ito rin ay nakukuha dahil sa impluwensiya ng kapaligiran.
Ito ay permanente at hindi magbabago sa anumang oras at kultura.	Dahil sa ito ay saykoslohikal, ito ay maaaring magkaiba-iba depende sa takbo ng panahon at sa kulturang nakagisnan.

Ang pagtanggap ng sariling pagkakakilanlan maliban sa kung ano ang *sex* na mayroon ang isang tao ay batay sa kanyang sa impluwensiya ng kapaligiran at ng lipunan (www.britannica.com). Ito ang tinatawag na kasariang pagkakakilanlan o gender identity.

Ang *gender identity* ay isang paraan ng pagkilala ng kanyang sarili sa isang categoryang pangkasarian (Balsam, 2013). Maliban sa lalaki at babae, nadagdagan ang categoryang pangkasarian ng iba pang pagkakakilanlan kagaya ng LGBTQ2S+ (myhealth.alberta.ca). Ang tomboy, bakla, bisexual, transgender, queer, two-spirit, at iba pa ay mga categoryang pangkasarian. Ang ekspresyon ng sarili batay sa kanyang naraaramdaman na may kinalaman sa kanyang kasarian ay kinikilala at isinusulong ng United Nations para sa pagkapantay-pantay ng bawat kasarian. Ito ay nakapaloob sa *Sustainable Development Goals* ng UN ang *Gender Equality* na panlima sa labinpitong *goals* (www.un.org).

Maraming mga eksperto ang may mga teorya ng mga salik na nakaaapekto ng pagkakakilanlang pang kasarian. Ang mga ito ay patuloy pang pinag-aaralan hanggang sa ngayon. Narito ang ilan sa mga salik na maaaring nakaiimpluwensiya sa pagkakakilanlang pangkasarian o gender identity batay sa mga eksperto.

- Biyolohikal
 - Ang biyolohikal na salik ay nakaiimpluwensiya sa kasarian ng isang tao dahil dito nakikilala nang maaga ang kanyang pagkakakilanlang pangkasarian. Ito ay naipaliliwanag ng ilan sa mga sinasabi ng eksperto na

may kinalaman sa biyolohikal na kalinangan ng katawan nga isang tao. Ito ay ang chromosomes at hormones.

✓ Chromosomes

- Ang *chromosome* ng isang tao ay may 23 na pares. Ang bawat pares ng chromosomes ay nagkokontrol ng iba't ibang kalinangan ng katawan sa panloob at labas. Ang pangdalawamput tatlong pares ang siyang tinatawag na *biyolohikong sex chromosomes*. Ang lalaki ay may XY chromosomes at ang babae naman ay may XX chromosomes ((McLeod, 2014).

✓ Hormones

- Ang *hormones* naman ay isang chemical substance na inilalabas ng mga *glands* sa buong katawan at dinadala ito sa daloy ng dugo (McLeod, 2014). May mga hormones na panlalaki at pambabae kagayang estrogen, progesterone, testosterone at iba pa. Ang dami ng hormones na nailalabas ng mga glands sa katawan ay siyang may epekto sa mga pisikal at pisyolohikal na katangian ng tao (www.healthline.com).

• Saykososyal / *Environmental*

- Ang kapaligiran ay mayroon din ambag sa pagkalinang ng gampaning pagkakakilanlan ng tao. Mula sa nakikita niya sa kanyang paligid, mga turong mga taong nakapalibot sa kanya at sa kanyang napapanuod sa medya, ito ang kanyang nagiging basehan para mapagtibay ang kanyang sariling paniniwala sa kung ano ba ang kanyang kasariang pagkakakilanlan.

- Ang impluwensiya ng kapaligiran ay tinatawag ding Saykososyal na salik. Kabilang dito ang pamilya, mga sikat na personalidad, mga authority figures at medya.

- Ang laro ng mga salik na Saykososyal ay malaking bahagdan na nakaiimpluwensiya sa gampaning pangkasarian kaysa sa biyolohikong salik ayon sa mga pag-aaral ng eksperto. Ang kamalayan ng isang batang lalaki at babae na nahuhubog ng mga salik na ito ay malakas sapagkat lumalawak ang kanilang pag-unawa sa kanilang pagkatao.

✓ Family

- Ang pamilya, simula palang ng pagkabuo ng sanggol, kung alam na ang *sex* nito, pinagpaplanohan na ang mga bibilhing damit, laruan base sa pamantayan ng lipunan. Kung babae, bibilhan ng mga pambabaeng gamit ganoon din kapag lalaki (Owen Blakemore, et. al. 2009). Pagkaluwal, tinuturuan ang mga batang lalaki at babae ng mga kasanayang panlalaki o pambabae hanggang sa magkamalay na ito. Ang pamilya ang unang nagpapatibay ng kanilang pagkakakilanlan.

- ✓ *Authority Figures, Medya at iba pang mga Influential Personalities*
 - Ang impluwensiya ng mga sikat na personalidad, mga artista, mga *authority figures* at medya ay ang salik na Saykosoyal na nagbibigay sa mga batang lalaki at babae ng ibang pamantayan ng pagkakakilanlan. Nabubuksan ang kamalayan at kaisipan ng isang bata patungkol sa kanyang ekspresyon dahil na siya ay kumikilos na iba sa biyolohikong katangian mayroon siya. Ang mga programa sa telebisyon, mga nakikita niyang videos o posts sa mga social apps ay ilan lamang sa mga bagay na nagbibigay sa kaniya ng lakas ng loob para yakapin kung ano talaga ang kanyang pagkatao. Dahil dito, ang batang lalaki o babae ay maaring maging iba ang kanyang pagkakakilanlang pangkasarian depende sa kung ano ang nakuha niya at lubos niyang pinaniniwalaan mula sa mga nabanggit na Saykosoyal na salik.

- *Cultural* (Owen Blakemore, et.al. 2009)
 - ✓ *Norms at Standards*
 - Ang panghuling salik ay ang *cultural*. Ang mga kaugalian at gawain ng isang lipunan ay iba-iba, ito rin nakaiimpluwensiya sa *gender identity* ng isang tao. Ang batang babae o lalaki ay inaasahang kikilos ayon sa *norms at standards* ng isang kultura. Subalit, hindi rin lahat ng pagkakataon ay ganito ang nangyayari. Kagaya sa pamilya at Saykosoyal na mga salik, depende sa batang lalaki o babae sa kanyang pag-intindi at pagtanggap kung ano ang kanyang *gender identity* kung siya ba ay lalaki, babae, tomboy, bakla, transgender, queer at iba pangkategoryang pangkasariang pagkakakilanlan.

Ang mga salik na ito ay patuloy na pinag-aaralan ng iba't ibang eksperto sa kanilang impak sa pagtuklas at pagkilala ng isang tao sa kanyang tunay na pagkakakilanlang pangkasarian. Walang sino man ang makapagdidikta sa gustong pagkakailanlang pangkasarian ng tao dahil ito ay naayon sa kung ano ang tunay na nararamdaman at pag-unawa sa mga bagay na nakapalibot sa kanya. Ang tanging makakaalam ng kanyang pagkakakilanlang pangkasarian ay siya.



Pagyamanin

Panuto: Isulat ang salitang S kung ang usapin ay tumutukoy sa sex at G naman kung ito ay hinggil sa *gender* o kasarian sa iyong sagutang papel.

1. Si Nestor ay nagdadamit babae kahit na siya ay lalaki.
2. Ang mga babae ay may kakayahang manganak.
3. Nagpatingin sa doctor si Maria dahil sa abnormal na buwanang dalaw niya.

4. Ang mga bakla, tomboy, bisexual at iba pa ay mga tao din na sadyang ibalang ang kanilang nararamdaman sa sarili na dapat natin unawain.
5. May anak si Aling Lidy na babae ngunit nagkakagusto sa kapwa rin niyang babae.



Isaisip

Ang *sex* ay isang biyolohiko at anatomikong pagkakakilanlan ng isang tao. Ang *gender* o kasarian naman ay isang saykosoyal at pankulturang pagkakakilanlan na maaring magbago depende sa impluwensiyang biyolohiko, saykosoyal at cultural na siyang nagpapatibay ng kanyang kasariang pagkakakilanlan o *gender identity*.

Maaring ang isang lalaki o babae ay mag-iba ang kilos at gawain na siyang resulta ng kanyang nararamdaman na nagdidikta sa kanyang gampaning pangkasarian o gender role. Dahil dito, mula sa unang categoryang pangkasarian kagaya ng lalaki o babae, ito ay maaaring madagdagan pa ng panibagong categorya kagaya ng bakla o tomboy, bisexual, transgender, queer at iba pa.



Isagawa

Panuto: Punan ng tamang sagot ang talaan. Isulat sa tamang hanay sa talaan ang mga pangungusap o sitwasyon kung ito ba ay impluwensiyang biyolohikal, saykosoyal o cultural. Sagutan ito sa iyong sagutang papel.

- Dahil sa sobrang lebel ng hormones na testosterone niya, mabuhok ang kanyang mga binti kahit na siya ay babae.
- Naging masyado siyang matapang na ipakita ang kanyang tunay na kasarian ng mapanood niya ang dokumentaryo ng isang transgender.
- Nahihiyang siyang magpakatotoo sa kanyang nararamdaman dahil hindi puwede sa kanilang pamilya.
- Hindi naging mahirap sa kanya na maging bukas sa kaniyang mga ka trabaho kasi yong kompanya nila ay bukas at tanggap kahit ano mang kasarian mayroon ang empleyado nila.
- Palakaibigan siya sa mga kalalakihan. Sobrang maligaya siya tuwing nasa barkada siya kahit isa siyang babae. Iyon kasi ang gusto niya ang maglaro ng mga larong panlalaki.

Biyolohikal	Saykososyal/Environmental	Cultural



Tayahin

A. Panuto: Iguhit ang bituin (☆) sa iyong sagutang papel kung ang pangungusap ay tungkolsa sex at hugis puso (♡) naman kung ito ay tungkol sa *gender* o kasarian.

- _____ 1. Nagdadalang tao ang kaibigan ko kaya ingat na ingat siya sa mga gawain.
- _____ 2. Sumali ang kaibigan kong bakla sa beauty pageant kasi gusto niyang maging beauty queen. Itinanghal siya bilang Reyna Galaktika.
- _____ 3. Sinamahan ni Mang Kier ang kanyang anak para magpatuli.
- _____ 4. Masayang masaya ang aking kaibigan dahil nanganak na ang nanay niya.
- _____ 5. Napanood namin sa isang sikat na talk show sa telebisyon, pwede daw ang paglalagay ng make-up kahit lalaki ka pa o babae.

B. Panuto: Isulat ang salitang Biyolohikal kung ang pangungusap ay nagsasaad ng impluwensiyang biyolohikal, Saykosoyal naman kung ito ay saykosoyal at Cultural kung ito ay cultural.

- _____ 1. Gustong-gusto niyang maging kagaya ng isang sikat na artista.
- _____ 2. Ang mga batang lalaki ay dapat na magsuot ng unipormeng panlalaki kung lalaki at pambabae naman kung babae lalo na kung nasa paaralan.
- _____ 3. Naranasan niyang magkaroon ng buwanang dalaw. Ganap na siyang dalaga.
- _____ 4. Bumili si Nanay ng manika para kay bunsong babae at laruang sasakyan naman para sa pamangking lalaki.
- _____ 5. Naging malakas ang loob niya na umamin sa kanyang pamilya tungkol sa kanyang *gender* o kasarian dahil sa mga nakita niyang mga *uploaded videos* ng mga naging totoo sa kanilang sarili hinggil sa kanilang tunay na nararamdaman.



Karagdagang Gawain

Panuto: Isulat ang TAMA kung ang pangungusap ay nagpapakita ng paggalang/paghanga sa kasarian ng tao at MALI naman kung hindi sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Nalaman niya na nagkakagusto sa kanya ang kaibigan niyang lalaki kahit na lalaki siya. Ipinahiya niya ito sa ibang tao.
- _____ 2. Nakita nila siya na nagkukumpuni ng mga sirang upuan kahit na isa siyang babae. Namangha sila sa ginagawa niya kaya masaya sila sa kaya niyang gawin.
- _____ 3. Sumali ang kanyang kuya sa patimpalak. Ang sinayaw niya ay pambabaeng sayaw. Aliw na aliw ang mga manonood sa kanyang talento maski malaki ang kanyang katawan ay kaya nito ang kumembot na parang babae.
- _____ 4. Binastos nila ang kaibigan niya dahil bakla/tomboy ito.
- _____ 5. Suportado siya ng mga magulang sa kanyang pagiging tomboy/bakla.



Susi sa Pagwawasto

Pagymanin	1. G 2. S 3. S 4. G 5. G
Balikan	1. DAPAT 2. 'DI DAPAT 3. DAPAT 4. DAPAT 5. 'DI DAPAT
Subukin	I. 1. MALI II. 6. BIYOLOHIKO 2. TAMA 3. MALI 4. TAMA 5. TAMA 7. SAYKOSOSYAL 8. SAYKOSOSYAL 9. CULTURAL 10. CULTURAL

Tuklasin	Biyolohiko Dahil sa sobrang lebel ng hormones kay Ara, mabuhok ang kanyang mga binti.	Saykososyal/Environmental Naging masyadong matapang si Morris na ipakita ang kanyang tunay na kasarian ng mapanood niya ang dokumentaryo ng isang transgender.	Cultural Nahihiyang magpakatotoo si Jamaica sa kanyang nararamdaman dahil hindi puwede sa kanilang pamilya. Hindi naging mahirap kay Xander na maging bukas sa kaniyang mga katrabaho kasi yong kompanya nila ay bukas at tanggap kahit ano mang kasarian mayroon ang empleyado nila.
-----------------	---	--	---

Karagdagan Gawain	1. MALI 2. TAMA 3. TAMA 4. MALI 5. TAMA
Tayahin	Gawain A. 1. 2. 3. 4. 5. Gawain B. 1. Saykososyal 2. Cultural 3. Biyolohikal 4. Cultural 5. Saykososyal

Sanggunian

Pascual, Marissa C. et. Al. 2017, *Enjoying Life Through Music, Arts, Physical Education, and Health*, Phoenix Publishing House, Inc., pp. 371-379

DepEd Region8. 2016, *Gabay sa Pagtuturo Health 5 Yunit 2*, Sex at Gender at mga Tungkuling Kaakibat Nito, pp. 1-2

DepEd, 2016. *Kagamitan ng mag-aaral sa Health 5 Yunit 2*

Owen Blakemore, Judith E., et. al. 2009, *Gender and Development*, Taylor & Francis Group, LLC, pp. 1-7

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph